

# Agdaldalliasat

Aurelio Solver Agcaoili

*Ken Dr. Bien Lumbera, maestro ken kadua*

Ita ket ti naaronanen a pungdol  
tapno mairugin ti atong,  
senial ti ibaballasiw  
iti sabali a biag,  
patgen a maestro.

Saan nga ipupusay daytoy,  
daytoy nga iyaadayo.

Ketdi, ipapan iti baro a biag,  
iti disso ti ingget raniag a lawag  
a sadiay ket sagrapen ti subad  
ti imbag nga imparangkapmo  
kadakami nga adalam a gumawgawawa  
iti isisiray koma ti init iti agsapa  
a kasingin dagiti kebbekebbami.

Adukami a kasta, dakami,  
kas iti ili nga inka inayat iti ingget sudi,  
iti di nagsaway a panangipinget  
tapno koma saan nga agari ti saning-i.

Ngem a ta adda falso a bileg  
dagiti naillet a karsel  
nga iti maysa  
a panawen ket nagbalin a taengmo,

patgen a maestro, karsel  
a kaing-ingas ti buteng a punganay  
dagiti adu a tured a ti nagan  
dagitoy ket beggang ni wayawaya.

Imbalikasmu kadakami ti uni  
daytoy a kalat, letra kada letra,  
silaba kada silaba, ket iti udina,  
nangngenganmi kadagitoy  
kadagiti gumawgawawa nga umili  
iti gumawgawawa nga ili.

Ita, iti ibaballasiwmo iti karayan  
ti sabali a biag, itundanakanto  
ti agbarbarangay nga agsagsagawisiw  
uray iti kasipngetan.

Ammona nga ituntundana  
ti disipulo ni kinalinteg a kas kenka,  
ti apostol ni wayawaya,  
ti mannaniw kadagiti amin pakarigatan,  
ti tumrarong a bullalayaw  
iti agar-arbis a malem iti ili a pinanawan.

*\*30 Septiembre 2021*

# Manlalakbay

Aurelio Solver Agcaoili

*Kay Dr. Bien Lumbera, maestro at kasama*

Nasindihan na ang pungdol  
upang masimulan ang atong,  
senyal ng pagtatawid  
sa ibang buhay,  
mahal na guro.

Hindi ito kamatayan,  
itong inyong paglayo.

Kundi, pagtutungo ito  
sa bagong buhay,  
sa puok ng walang katumbas na liwanag  
na doon ay nanamnamin ang sukli  
ng lahat ng iyong kabutihan na sa amin  
ay ibinigay, kaming inyong mag-aaral  
na naghihintay ng sinag  
ng araw sa pagbubuka  
ng liwayway, sinag na kakambal  
ng aming pagbabakabaka.

Kayrami kaming ganyan,  
kami, tulad ng ili ng iyong minahal  
nang walang dungis,  
sa inyong walang katumbas na  
pakikipaglaban para dito  
upang sana ay di maghari  
ang pagtangis.

Subalit mayroong kapangyarihang  
sinungaling sa mga makipot  
na karsel na sa isang panahon  
ay naging iyong tahanan,  
mahal na guro, karsel  
na kawangis ng takot na simula  
ng marami pang takot na ang ngalan  
ay baga ng kalayaan.

Binigkas mo sa amin ang huni  
ng layong ito, bawat letra,  
bawat silaba, at sa huli,  
napakinggan namin mula sa mga ito  
ang mga hinaing ng mga mamamayan,  
ang hinaing ng ili.

Ngayon, sa pagtawid ninyo sa ilog  
ng ibang buhay, dadalhin kayo roon  
ng nagbabalangay na sumisipol  
kahit sa karimlan.

Alam niya na dadalhin niya kayo roon,  
kayo na disipulo ng katarungan,  
kayo na apostol ng kalayaan,  
kayo na manunula ng lahat ng kahirapan,  
kayo na bahaghari ng  
umambong hapon sa iling linisan.

*\*30 Setyembre 2021*